CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

PAHAYAG PARA SA PRESS
Abril 21, 2020
Makipag-ugnay sa: Lungsod ng Long Beach Joint Information Center, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Paglabas
PAHAYAG PARA SA PRESS

Magtitipun-tipon ang Economic Recovery Advisory Group (Grupong Tagapagpayo para sa Pagbangon ng Ekonomiya) ng Lungsod

Long Beach, CA — Ngayon, inihayag ng Lungsod ng Long Beach ang pagbuo ng isang Economic Recovery Advisory Group (Grupong Tagapagpayo para sa Pagbangon ng Ekonomiya) na mamamahala sa pagbibigay ng mga rekomendasyon sa pang-ekonomiyang epekto ng COVID-19 sa emergency sa kalusugan.

“Nais kong pasalamatan si Mayor Bob Foster sa muling pangunguna at paglilingkod sa kanyang lungsod,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Kailangan namin ng mga makabagong ideya at isang matalinong diskarte upang paandarin muli ang lokal na ekonomiya. Kami ay nakatuon upang maibalik ang mga tao sa trabaho sa pinakaligtas na paraan hangga't ginagabayan ng medikal na siyensya at data.”

Ang mga miyembro ng Economic Recovery Advisory Group ay nabuo ni dating Mayor Bob Foster at magbibigay ng input sa Lungsod tungkol sa mga estratehiya upang makabawi ang Economic Development, ang Health and Human Services Department, ang Emergency Operations Center at iba pang mga kagawaran ng lungsod habang estratehikong nilang inililipat ang Lungsod pabalik sa normal na operasyon sa sandaling payagan ng pandemya ang pagbabago sa kasalukuyang mga kautusan sa kalusugan.

“Pinupuri ko ang Mayor at Lungsod para sa mabilis at agarang pagtugon sa pangkalusugang krisis na kinakaharap natin,” sabi ni dating Mayor Bob Foster. “Ang ating susunod na malaking hamon ay kung paano magkakaisa ang ating pamayanan upang buksan muli ang ekonomiya sa paraang ligtas at may pag-aalala. Isang karangalan na mamuno sa kilalang grupo at mag-ambag sa mga pagsisikap ng ating lungsod.”

Kasama sa magiging miyembro ng Advisory Group ang mga sumusunod, na binubuo ng mga kinatawan na may karanasan sa maraming sektor sa Long Beach:

- Blair Cohn, Economic Development Commissioner at Executive Director, Bixby Knolls Business Improvement Association
- Bob Foster, dating Mayor, Lungsod ng Long Beach
- Caroline Choi, Senior Vice President of Corporate Affairs, Southern California Edison
- Griselda Suarez, Executive Director, Arts Council para sa Long Beach
- Jeremy Harris, Incoming President & CEO, Long Beach Area Chamber of Commerce
- Josh La Farga, Planning Commissioner, at Director ng Government Affairs, Laborers' International Union of North American Local 1309
- Josh Lowenthal, Presidente, freeconferencecall.com
- Kerstin Kansteiner, May-ari ng Restawran/Maliit na Negosyo
- Kraig Kojian, President at CEO, Downtown Long Beach Alliance
- Lou Anne Bynum, Interim Superintendent-President, Long Beach City College
- Luis Navarro, May-ari ng Restawran/Maliit na Negosyo
- Mario Molina, Doktor/Healthcare na Propesyonal
- Randal Hernandez, Chair, Long Beach Economic Partnership
- Ryan Choura, CEO at Founder, Choura, isang Experience Company
- Sean Rawson, Co-Founder, Presidente ng Residential Division, Waterford Property Company
- Sharleen Higa, President, Long Beach Century Club
- Steve Goodling, President & CEO, Long Beach Area Convention at Visitors Bureau
- Steve Neal, Harbor Commissioner at Clergy
- Tommy Faavae, International Brotherhood of Electrical Workers, Local 11
- Vic La Rosa, CEO, President and Co-Founder, Total Transportation Services (TTSI)

Bilang karagdagan, ang Lungsod ay gagawa ng isang online na forum para sa mga negosyo at residente upang hikayatin ang sibikong pakikipag-ugnayan at magbigay ng input sa kung anong sektor ng ekonomiya ang may mataas na pangangailangan, at mga ideya kung paano ligtas na muling mabuhay ang mga negosyo at operasyon. Makatutulong ito sa Lungsod na mas maunawaan ang mga pangangailangan ng ating pamayanan habang naghahanda tayo para sa mga pagbabago sa hinaharap sa Pangkalusugang Kautusan na naaayon sa mga utos ng County at Gobernador.

Ang mga desisyon tungkol sa kung paano at kailan muling magbubukas ang ekonomiya ay aayon sa "Manatili sa Bahay" na kautusan ng Gobernador at ipapatupad sa pamamagitan ng isang Kautusan sa Kalusugan mula sa City Health Officer. Gagawin ito sa malapit na pagkakahanay sa County ng Los Angeles at utos ng Gobernador. Ang Advisory Group ay isang

impormal na grupo na itinatag ni City Manager Tom Modica at susuportahan ng mga tauhan mula sa Economic Development, Health Department, Airport and ang Port.

Ang Economic Recovery Advisory Group at ang nakabinbin na online forum/pagtitipon ay ang pinakabago sa isang serye ng mga aksyon na makakatulong sa mga negosyo at residente na pinansyal na naapektuhan ng COVID-19 na krisis. Ang iba pang mga aksyon ay kinabibilangan ng pagtatatag ng Long Beach Disaster Relief Fund; isang komprehensibong Economic Relief Package (Package ng Pang-ekonomiyang Tulong) na ipinasa ng Konseho ng Lungsod noong Abril 14; at paglulunsad ng programang ng Pacific Gateway na Work Long Beach. Nagtatag din ang Lungsod ng isang hotline para sa mga may-ari ng negosyo at manggagawa, 562.570.4BIZ, na may tauhan mula 8 n.u. hanggang 5 n.h. Lunes hanggang Biyernes.

Para sa pinakahuling impormasyon sa COVID-19, na may mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang mga residente nito, bumisita sa: longbeach.gov/COVID19 at sundan sa @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

# # #